# GURO SA PROPESYON AT BOKASYON

*by:*
**Jacqueline R. Dela Rosa**
*Teacher III, Justice Emilio Angeles Gancayco Memorial High School*

Napakaraming pagkakataon na sinasabing maraming tao ang nakakuha ng inspirasyon mula sa kanilang mga guro. Iba't- ibang kwento ang maririnig mula sa mga ito. Sa maraming di inaasahang konteksto at pagkakataon, mapapatunayang ang gurong gumaganap nang mahusay sa kanyang propesyon at isinasapuso ang bokasyon ay nag-iiwan nang malalim na tatak sa buhay, isipan, at damdamin ng kanyang mga mag- aaral.

Sa isang pananaliksik na isinagawa nina Biddle et. al. (1997), napatunayang napakalawak ng pananaw ng mga miyembro ng komunidad ng paaralan, lalong higit ng mga mag- aaral at magulang ukol sa mga guro. Batay sa konteksto sa kanilang komunidad, mga karanasan kasama ng guro, at iba pang salik ay may kanya- kanyang pananaw ang bawat isa na nagging bahagi ng pag- aaral ukol sa mga gampanin at papel ng guro sa kanilang komunidad.

Sa maraming pagkakataon, kinakailangang ilagay ng guro ang kanyang isipan sa posisyon ng mag- aaral upang lubos niyang maunawaan ang mga pinagdaraanan nito at upang matugunan at mapakibagayan niya ang mga pangangailangang akademiko, emosyonal, at sikolohikal ng bawat mag- aaral (Holt- Reynolds, 2000).

Maraming guro ang nakapagbibigay ng inspirasyon sa kanilang mga mag- aaral upang mag- aral din ng kursong pagtuturo sa kolehiyo. May mga nakakuha ng inspirasyon sa kanilang guro sa iba't- ibang kadahilanan – mahusay magpaliwanag ng aralin; kung hindi lubos na naunawaan ang aralin ay handa niyang ulitin ang pagpapaliwanag at magbigay ng karagdagang mga halimbawa hanggang sa ang bawat isa ay maunawaan ito; dumadalaw siya sa mga mag- aaral na may karamdaman at ilang



depedbataan.com The Official Website of DepED Division of Bataan

araw nang hindi nakapapasok sa paaralan; handa siyang maghanda ng ibat'- ibang inobasyon para sa ikabubuti pa ng kanyang mga aralin; ang kanilang guro ay nagtataglay din ng magagandang katangian, halimbawa siya ay mahusay magdisiplina ng kanyang mga mag- aaral; at marami pang ibang mabubuting katangian na talaga namang pumupukaw sa puso at isipan ng mag- aaral upang tahakin din ang nasabing propesyon at bokasyon.

Isa pang katangi- tanging kakayahan ng mga guro na talaga namang nakapagpapagaan ng kalooban at nagbibigay inspirasyon sa mga mag- aaral na pumasok sa paaralan ay ang matatamis nilang ngiti. Ang ganitong gawi ng mga guro ay nakapagdudulot ng magaan at kaaya- ayang epekto sa kaisipan ng mga mag- aaral ukol sa pagpasok sa paaralan. Nadarama nilang sila ay kabilang at tanggap sa komunidad anuman ang estado nila sa buhay, kakayahan, talinong taglay at katauhan (Terada, 2018).

Bukod sa mga nabanggit, ang mahusay na guro ay dapat lamang na may mahusay na etika sa trabaho. Ang kanyang papel ay hindi lamang umiikot sa apat na sulok ng silid- aralan at sa kanyang mga mag- aaral (Holt- Reynolds, 2000). Siya ay dapat ding matutong makibagay sa kanyang paligid at sa kanyang mga kasama. Ito ay upang mapanatiling kaaya- aya at masaya ang atmospera sa lugar ng trabaho.

Higit sa pagiging maestra na pumapanday sa talino, at kakayahan ng mga mag- aaral na itinuturing nating pag- asa ng bayan, hinuhubog din ng mga guro ang katauhan ng kanilang mga mag- aaral. Ang mga dakilang guro ang siyang katuwang mga magulang sa pagpapalaki sa henerasyon ng mga mabubuting tao. Walang salapi o pagkilala ang makatutumbas sa papel na ito. Tunay ngang ang maging guro ay hindi lamang isang propesyon, ito ay bokasyon.

depedbataan.com
The Official Website of DepED Division of Bataan

*References:*

Bax, Stephen. "Roles for a teacher educator in context-sensitive teacher education." ELT Journal, Volume 51, Issue 3 (1997): Pages 232–241.

Biddle, Bruce J., et. al. "Recent Research on the Role of the Teacher." Recent Research on the Role of the Teacher. Springer International Handbooks of Education, vol 3, 1997. pgs. 499- 520.

Hall, Nathan C., et. al. "Smiling on the Inside: The Social Benefits of Suppressing Positive Emotions in Outperformance Situations." Sage Journals (2016): Vol. 42, 5th issue.

Holts- Reynolds, Dianne. "What does the teacher do?: Constructivist pedagogies and prospective teachers' beliefs about the role of a teacher." Science Direct Volume 16, Issue 1 (2000): pgs. 21- 32.

Terada, Youki. "Welcoming Students with a Smile." Edutopia (2018).

depedbataan.com
The Official Website of DepED Division of Bataan